

Paano ito gumagana

ISANG PATNUBAY SA MGA ALITUNTUNIN AT MGA HAKBANG
SA CONVENTION



Sama-samang magtrabaho
Sama-samang manindigan
Sama-samang mamuno

Index

PAMBUNGAD	PAHINA 1
ANO ANG CONVENTION?	PAHINA 3
• Constitutional Amendments (Mga Susog sa Konstitusyon)	
• Mga Resolusyon	
• Mga Ulat	
• Mga Talumpati	
• Mga Eleksyon	
• Mga Ensayo	
MGA COMMITTEE NG CONVENTION	PAHINA 7
• Information Committee	
• Credentials Committee	
• Sergeant-at-Arms Committee	
• Tabulations Committee	
• Resolutions Committee	
• Constitution Amendment Committee	
PROCEDURE (PAMAMARAAN)	PAHINA 9
• Paano isinasagawa ang debate	
• Ang Tanong	
• Iba Pang mga Patakaran	
... Motion to Refer	
... Move the Previous Question	
... Reconsideration	
... Tabling Motions	
... Point of Information	
PAGTATAPOS	PAHINA 12
APPENDICES	PAHINA 13
• HEU Organizational Charts	
... Politikang Istrukturang	
... Administratibong Istrukturang	

Pasimula

“Ang lahat ng mga pinakadakilang lakas, kabilang ang lehislatibo, eksekutibo, administratibo, at nagpapasiyang kapangyarihan ng Unyon na ito ay ibibigay sa Convention kapag ito’y nagpupulong.”

... Artikulo V, Seksyon A, Konstitusyon ng HEU

MALIGAYANG BATI SA Ika-dalawampu’t anim na Biennial Convention ng HEU. Bilang isang delegado, ikaw ay bahagi ng pinakamataas na nagpapasiyang lupon ng Unyon. Habang isinasagawa ang Convention, itatakda mo ang patakaran upang bigyang-direksyon ang mga isasagawa ng Unyon. Pipili ka rin ng isang bagong Provincial Executive na magsasagawa sa mga desisyon ng Convention.

Ang booklet na ito’y dinisenyo upang tulungan kang maunawaan ang mga patakaran at mga pamamaraan na ginagamit ng Hospital Employees’ Union upang siguraduhin na ang Convention ay demokratiko at isinasagawa sa mahusay na paraan. Mayroong kaunting kasaysayang kasama upang tulungan kang maunawaan kung ano ang istruktura ng Unyon at kung ano ang palakad dito.

Ang HEU ay binuo noong 1944 nang nagsama ang dalawang unyon. Ang isang unyon ay binubuo ng mga babae sa Vancouver General Hospital at ang isa naman ay binubuo ng mga lalaki na may kaugnayan at nakihati ng opisina at sekretarya sa Vancouver Municipal Workers’ Union.

Ang bagong unyon ay nag-aplay sa Trades and Labour Congress para sa isang charter na kumikilala sa HEU bilang isang buong miyembro ng kilusan ng mga manggagawa. Ang isang charter para sa Hospital Employees’ Federal Union, Local 180 ay ibinigay noong ika-13 ng Oktubre 1944.

Ang aming unang business manager, si Mr. W.M. (Bill) Black ay kinuha makalipas ang maikling panahon pagkatapos itatag ang Unyon. Nagsilbi siya sa kapasidad na iyon para sa sumusunod na 24 taon.

Bakit naghanap ang mga nagtatag ng Unyon sa labas ng kanilang mga ranggo para sa isang taong tulad ni Bill Black? Sabi ni W.D. Black (isa pang “Bill Black”) na nagsilbi bilang presidente ng HEU mula 1968 hanggang 1980, “nakilala nila ang kanilang kawalan ng kaalaman sa mga isyu ukol sa trabaho (at) pumili sila ng istruktura na magpapahintulot sa kanilang makuha ang kahusayan at karanasan na kinakailangan upang magtayo ng isang matagumpay na Unyon.”

Nagsimula noon ang Unyon sa isang business manager, isang sekretarya na kahati sa iba (ang aming hati – \$60/buwan) at isang kahating opisina (ang aming hati – \$35/buwan).

Ano ang mga mahahalagang isyu noon? Noong ika-19 ng Pebrero 1945, pinagtibay ang isang mungkahi na ang Unyon ay hindi tatanggap ng pagkakaloob sa collective bargaining. Nauunawaan pa namin ito at patuloy naming nilalaban ang mga pagkakaloob.

Noong Nobyembre 1945, dinoble ng Unyon ang kanyang per capita payments sa Trades and Labour Congress para sa Nobyembre at Disyembre upang magbigay ng mga pondo para sa sibikong eleksyon.

Pagdating ng 1946, ang buwanang kita mula sa dues (mga butaw) ay tumaas at naging \$450, at sa isang botohan na 192 laban sa 92 ang resulta, napagpasiyahang itaas ang suweldo ng business manager at gawin itong \$100 bawat buwan.

Noong 1947, iniulat ng business manager na nagkaroon ng mga pagtaas sa suweldo na hanggang 100 porsyento na napagkasunduan para sa health workers simula nang binuo ang Unyon.

Nang kumalat ang Unyon sa Fraser Valley at Vancouver Island, nagkaroon ng diskusyon ukol sa Unyon sa buong probinsiya na may standard na mga suweldo at mga benepisyo, pero inabot ng mahigit sa 20 taon upang makakuha ng isang Master Collective Agreement sa buong probinsiya sa acute care.

Patuloy kaming nagsisikap para sa isang collective agreement para sa lahat ng mga miyembro ng HEU.

Ang Unyon ay aktibo rin sa bansa, nang nabigyan ito ng charter ng National Union of Public Employees (NUPE), isa sa dalawang pambansang organisasyon na kumakatawan sa mga manggagawa sa public sector.

pagpapatuloy

Ang dalawang organisasyon na ito, ang NUPE at ang National Union of Public Sector Employees (NUPSE), ay nagsama sa isang joint convention sa Winnipeg noong Setyembre 1963 upang buuin ang Canadian Union of Public Employees (CUPE) – na ngayon ay ang pinakamalaking Unyon sa Canada na may higit sa 560,000 miyembro.

Ang Hospital Employees' Union ay isang nagtatag na miyembro ng CUPE at bilang Unang Bise-Presidente ng NUPE, si W.M. (Bill) Black ay nasa Merger Steering Committee.

Sa sumunod na eleksyon, si Bill ay natalo ni Stan Little nang ilang boto para sa pagiging presidente ng bagong unyon.

Ang relasyon sa CUPE ay bumagsak noong 1970 dahil sa mga isyu tulad ng lokal na pagsasarili at per capita na bayad. Ang HEU ay umalis sa CUPE at pagkatapos ay pinaalis sa Canadian Labour Congress, sa BC Federation of Labour at sa mga lokal na labour council.

Ang ganoong pangyayari ay nagpatuloy nang 14 taon hanggang 1984, nang ang Unyon ay matagumpay sa pagsasaayos ng isang kasunduan sa CUPE nang apat na taon nang walang binabayaran sa CUPE. Sinundan ito ng pagsasaayos ng isang extension agreement noong Enero 1989.

Sa wakas ay nagkaroon ng reaffiliation agreement sa CUPE noong Agosto 1994. Ang mungkahing ito ay inaprubahan ng ating mga miyembro at bumalik kami sa house of labour. Sa 1995 CUPE National Convention, ang HEU ay nakakuha ng regional vice-president seat sa National Executive Board (NEB).

Dapat tandaan na ang charter ng Local 180 ay inisyu ng Trades at Labour Congress 19 taon bago itinatag ang CUPE. Ang HEU ay hindi kailanman Local 180 ng CUPE.

Dapat din tandaan na iniaatas ng Canadian Labour Congress sa mga unyon na magpa-affiliate sa pamamagitan ng isang angkop na pambansang affiliate, at maraming beses na hindi tinanggap ang mga aplikasyon ng HEU para sa tuwirang affiliation noong 14 taon sa labas ng pangunahing kilos ng mga manggagawa.

Simula nang ito'y itinatag, kinakatawan na ng HEU ang mga interes ng kanyang mga miyembro sa iba't-ibang mga isyu. Kapag tiningnan ang 1958 Convention proceedings, nakikita ang mga debate tungkol sa mga resolusyon ukol sa mga paksâ tulad ng pagbukas ng pangangalakal sa Tsina, pagbili ng mga bagay na gawa ng unyon, karapatan ng health workers na tumakbo sa hospital boards, mga oras ng trabaho at moonlighting. Marami sa mga isyung ito ang mahalaga pa rin ngayon.

Natiyak ng ating mga tagapagtaguyod na hindi sapat ang

isang mahusay na collective agreement. Dapat mayroong panlipunan at politikal na kapaligiran upang ito'y gumana at upang magawa ang uri ng lipunan na pinakamabuting magsisilbi sa atin.

Nakikita natin na simula pa nang itatag ito, ang HEU ay aktibo na sa mga isyu na may kinalaman sa panlipunang hustisya at politika, at ang pagkakaroon ng malakás at aktibong trade union agenda. Ang HEU ay may pananaw at katapangan na lumaban upang magkaroon ng mas magandang kinabukasan.

Ayon sa orihinal na konstitusyon ng HEU, kinailangan ng Unyon na maghanap ng panlipunang polisiya na nagtataguyod sa pinakamahusay sa medicare. Dati na kaming nakikipaglaban para sa isang politikal na polisiya na nagsisiguradong makakuha ng sapat na publikong pagpopondo para sa ating sistema ng health care.

Naghahanap kami ng mga polisiya na kumikilala sa pangangailangan ng mabuting edukasyon, sapat na pabahay, at mga panlipunang serbisyo. Nalalaman namin na ang bawat tao ay karapat-dapat na manirahan nang may karangalan at galang.

Malaki na ang nagawa namin. Mayroon pa kaming kasalukuyang collective bargaining agenda, isang panlipunang agenda, at isang politikal na agenda. Ang mga nagtatag sa ating unyon, kasama ng ilang daang miyembro at kaunting pag-aari, ay nagtangkang mag-isip nang malaki at isinagawa nito ang daan para sa atin.

Marami pang dapat gawin. Kailangan tayong manatiling nakapokus at kailangan tayong magpursigi upang makamit ang ating mga layunin.

Noong 2006, nakipagkasunduan kami para sa isang apat na taong kasunduan na may malalaking pagbubuti. Gayunman, malaki pa rin ang epekto sa atin ng *Bills 29, 37 at 94*. Matagumpay kami noong 2007 sa Supreme Court ng Canada nang naisagawa naming mapahayag na labag sa batas ang 3 seksyon ng *Bill 29* dahil labag ito sa Canadian Charter. Pagkatapos noon ay napagkasunduan namin ang isang \$75 milyong settlement.

Malinaw na malinaw na talagang gustong pabilisin ng kasalukuyang gobyerno ng Campbell ang privatization ng mga mahusay na pampublikong serbisyo sa mga lugar tulad ng health care, transportasyon, tubig at forestry. Dapat nating ipagpatuloy ang ating pagkilos sa politika kung nais nating panatilihin ang mga masusustento at matitirahang komunidad.

Ang iyong trabaho bilang delegado ng Convention ay ang tumulong na isagawa ang daranaan ng Unyon para sa darating na dalawang taon. Salamat sa inyong tulong.

Ano ang Convention

Ang Convention ay ang pinakamataas na awtoridad ng Unyon. Gaya ng sinabi sa konstitusyon, “ang lahat ng mga pinakadakilang lakas, kabilang ang lehislatibo, eksekutibo, administratibo, at nagpapasiyang kapangyarihan ng Unyon ay ibibigay sa Convention kapag ito’y nagpupulong.”

Ang mga convention ay taun-taong itinanghal hanggang 1958. Simula noon, ang mga Convention ay nagbago at naging isa bawat dalawang taon, (ibig sabihin, kada dalawang taon). Ang trabaho ng Convention ay nasa ilalim ng mga sumusunod na paksâ:

- Constitutional Amendments (Mga Susog sa Konstitusyon)
- Mga Resolusyon
- Mga ulat mula sa full-time officers
- Mga talumpati mula sa mga inimitang bisita
- Mga eleksyon ng isang bagong Provincial Executive
- Mga ensayo

ANG BAWAT ISA AY PINAG-UUSAPAN SA CONVENTION WEEK SA SUMUSUNOD NA PARAAN:

Constitutional Amendments

Ang *Constitution and By-laws* ng Unyon ay ang mga patakarang ginagamit ng Unyon upang patnubayan ang sarili at ito’y mababago lamang sa Convention gamit ang isang Amendment na tatanggapin ng mga delegado. Kinakailangan ang two-thirds vote ng lahat ng mga delegado upang matanggap ang isang Amendment.

Mga Resolusyon

Ang mga resolusyon ay mga desisyon ng polisiya na nagtatatag sa posisyon ng Unyon sa mga isyu, na kinabibilangan ng mga usapin sa loob ng Unyon, lokal, pamprobinsiya, pambansa, o mga internasyonal na isyu.

Ang mga resolusyon ay maaaring magbigay ng direksyon sa mga opisyal ng Unyon o sa papasok na Provincial Executive. Hindi nito naapektohan at hindi nakarekord ang mga ito sa handbook ng *Constitution and By-Laws*. Ang isang Resolusyon ay nangangailangan lamang ng mga boto ng karamihan upang maging polisiya ng Unyon.

Mga Ulat

Ang bawat isa sa tatlong full-time na opisyal ng Unyon ay magbibigay ng isang pormal na ulat.

- **PRESIDENT:** nag-uulat sa mga aktibidad at pananaw para sa kinabukasan ng Unyon.
- **SECRETARY-BUSINESS MANAGER:** nag-uulat para sa Provincial Executive at sakop ng ulat ang mga gawain ng Provincial Executive at ng Unyon simula noong huling Convention.
- **FINANCIAL SECRETARY:** nag-uulat tungkol sa pananalapi ng Unyon at mga pangyayari na humubog sa pinansiyal na katayuan.

Pagkatapos ng bawat ulat, isang motion ang ginagawa upang “tanggapin ang ulat.” Kapag ito’y tinanggap ng pangalawang tao, maaaring talakayin ng mga delegado ang ulat bago bumoto ukol sa motion.

Ito’y naiiba sa “pagtanggap ng ulat.” Kapag ang isang ulat ay **tinanggap**, ibig sabihin ay inaprubahan ang lahat ng mga rekomendasyon sa ulat at ang mga ito’y magiging polisiya ng Unyon. Kapag ang isang ulat ay natanggap, ang anumang

rekomendasyon na nilalaman nito ay maaaring pagdebatihan ngunit nangangailangan ng isang Amendment (Susog) sa Konstitusyon o Resolusyon upang maging polisiya ng Unyon. Binibigyan nito ang mga delegado ng mas malaking kapangyarihan sa pagdedesiyon at ito’y mas demokratiko.

Mga Talumpati

Madaling ubusin ang panahon ng buong Convention sa pagrerebyu at pagdedebate lamang tungkol sa mga Resolusyon. Gayunman, ang Convention ay panahon upang ipagmalaki ang ating Unyon at ang mga tagumpay nito. Ito’y panahon upang kilalanin ang ating nagawa nang mabuti habang hinihikayat ang ating mga miyembro, mga opisyal at tauhan na magsikap pa.

Sa isipang iyon, nag-imbata kami ng ilang piling-pili na mga magsasalita mula sa labas ng Unyon upang talakayin sa atin ang mga mahahalagang isyu na nagpapalawak sa ating mga mga pananaw, upang dagdagan ang ating kaalaman. Ang pakikisalamuha sa iba’t-ibang mga grupo ay nakatulong sa atin sa mga nakaraang taon na magpalitan ng mga ideya at impormasyon.

Mga Eleksyon

Sa bawat Convention, bumoboto para sa isang bagong Provincial Executive na magsasagawa sa gawain ng Unyon sa susunod na dalawang taon.

Mayroong 21 miyembro ng Provincial Executive at 19 posisyon ang ibinoboto sa bawat Convention. Ang dalawang posisyon na hindi ibinoboto sa Convention ay

- **SECRETARY-BUSINESS MANAGER:** siya’y itinatagala ng Provincial Executive pero mapapasailalim sa ratification (pag-apruba) ng Convention.
- **SENIOR TRUSTEE:** na nasa pangalawang kalahati ng isang apat (4) na taong term, na itinatag upang siguraduhing may pagpapatuloy, na ibig sabihin ay ang Senior Trustee Elect ay awtomatikong nagiging susunod na Senior Trustee.

Bilang isang delegado sa Convention, iboboto mo ang mga kandidatong iyong napili. Karapat-dapat ka ring tumakbo para sa anumang Provincial Executive na posisyon.

Mayroong dalawang ibobotong posisyon na mga full-time na may bayad na opisyal ng Unyon – ang Presidente at ang Financial Secretary. Ang dalawang ito ay nakabase sa Tanggapan ng Probinsiya sa Burnaby.

Ang lahat ng ibang mga miyembro ng Provincial Executive ay nagtrabaho pa rin sa kanilang mga pasilidad at hindi papasok sa trabaho (tulad mo sa linggong ito) upang gampanan ang mga responsibilidad ng Provincial Executive. Ang mga ito’y mula sa pagdedebate at pagtanggap ng isang Provincial budget hanggang sa pagdibelop ngistratehiya, polisiya at mga kampanya at pagtulong sa mga boto sa pagwelga at ratification.

Sa Convention, ang mga delegadong nais tumakbo para sa isang posisyon sa Provincial Executive ay maaaring magpaskil ng retrato nang mayroong kanilang pangalan, katagalan ng pagiging miyembro ng Unyon, mga dating posisyon at kung saang pasilidad. Ang mga retrato ay dapat kunin ng tauhan ng Provincial Office staff at kailangan maglaan ng panahon para dito.

Magkakaroon din ng “kilalanin ang mga kandidato” na sesyon kung saan maaaring maghayag ng layunin ang bawat kandidato sa mga delegado nang hanggang limang (5) minuto, at magkakaroon din ng may moderator na panahon para sa pagtanong at pagsagot sa isang forum sa gabi.

Pagboto

Ang pagboto para sa Provincial Executive ay isinasagawa sa isang takdang paraan.

UNANG HAKBANG

Ang unang eleksyon ay “at large,” at ibig sabihin nito’y ang lahat ng mga delegado ay boboto para sa kandidatong gusto nila sa bawat balota para sa isang posisyon. Ang mga posisyon ay ibinoboto para sa dalawang taon sa sumusunod na pagkakaayos:

1. President
2. Financial Secretary
3. First Vice-President
4. Second Vice-President
5. Third Vice-President
6. Senior Trustee Elect (4 na taon)
7. Trustee

IKALAWANG HAKBANG

Pagkatapos makompleto ang mga eleksyon na ito, ang mga delegado ay hahatiin sa limang Regional Caucuses. Ang bawat caucus ay boboto ng Regional Vice-Presidents at dalawang kapalit para sa bawat isa. Ang mga matagumpay na miyembro ang mga nagiging caucus nominees para sa buong Convention.

Ang Regional Vice-Presidents ay tatalaga sa mga sumusunod:

- Fraser Valley - 2
- Interior - 3
- North - 2
- Vancouver Coastal - 3
- Vancouver Island - 2

Ang dahilan para sa istrukturang ito ay upang siguraduhin na ang lahat ng mga rehiyon ng probinsiya ay kinakatawan sa Provincial Executive. Gayunman, ang Regional Vice-Presidents ay may pananagutan para sa buong probinsiya tulad ng ibang mga miyembro ng Provincial Executive na ibinoto.

IKATLONG HAKBANG

Ang buong Convention ay nagpupulong muli at sasabihin ng tagapagsalita para sa bawat caucus kung sino ang mga nominado ng kanilang region at ang dalawang kapalit para sa bawat isa at pagkatapos ay magsasagawa ng isang motion na ang kanilang “ulat ay dapat **tanggapin** ng Convention.”

Kapag ang Convention ay bumoto para sa mga motion na ito, sa katotohanan ay bumoboto ito ng Regional Vice-Presidents at ng kanilang mga kapalit. Bagamat ang mga nominasyon ay isinasagawa sa caucus, ang eleksyon ay itatanghal sa Convention.

MAHALAGA

- Mahalagang tandaan na ang isang miyembro na ibinoto bilang isang kapalit para sa Regional Vice-President ay **HINDI** maaaring maging non-regional na kapalit ng Provincial Executive.
- Ang isang miyembro ng Provincial Executive, maliban sa Presidente ng Probinsiya, Secretary-Business Manager at Financial Secretary, ay hindi rin maaaring maging miyembro ng Provincial Bargaining Committee.

Ang ibig sabihin nito, ang sinumang gustong tumakbo bilang kapalit ay dapat magpasiya kung nais niyang maging isang kapalit para sa Provincial Executive o isang Regional Vice-President.

IKA-APAT NA HAKBANG

At sa kahulihan, pagkatapos ng mga eleksyon para sa Provincial Executive, kukuha ng isang balota upang matiyak ang walong mga kapalit sa Provincial Executive.

Ang mga kapalit na ito ay ay tatawagin upang punan ang mga ispesipikong posisyon na maaaring mabakante sa pagitan ng mga Convention.

Mga Ensayo

Mayroong mga oportunidad para sa lahat ng mga delegado na mag-ensayo at magrelaks. Ang Convention ay hindi puro trabaho lamang – may panahon upang makipag-usap sa iba, makita muli ang mga matagal nang kaibigan, at magkaroon ng mga bagong kaibigan.

Mga Committee ng Convention

Ang mga Paghahanda para sa Convention ay nagsisimula nang ilang buwan bago ng unang session.

Ang dalawang pangunahing Committee ng Convention ay ang Resolutions Committee at ang Constitutional Amendment Committee. Sinisimulan ng dalawang committee na ito ang kanilang trabaho mga isang buwan bago ng Convention. Nirerebyu nila ang bawat isinumiteng resolusyon at hinahanda nila ito para mairekomenda sa mga delegado ng Convention. May anim na Committee ng Convention lahat-lahat, bukod pa sa nasa itaas, may apat pang ibang mga committee - ang Information Committee, ang Credentials Committee, ang Sergeant-at-Arms Committee at ang Tabulations Committee. Ang pangkalahatang gawain ng mga committee ay ang tumulong sa at pabilisin ang mga pangyayari sa convention.

Ang mga miyembro ng committee ay pinipili upang katawanin ang iba't-ibang pinanggalingan ng mga miyembro ng Unyon. Ang isang angkop na balanse ng mga rehiyon, uri ng pasilidad, mga kategoriya ng trabaho, kasarian, pagiging pantay-pantay, aktibismo, at karanasan sa unyon ay mga factor na isasaalang-alang kapag isinasagawa ang Convention Committees.

Kung saan kinakailangan, ang isang committee ay may chairperson at isang sekretarya. Mayroon ding itinatakdang mga tao sa bawat committee upang masigurado na ang committee ay may access sa lahat ng mga maitutulong ng Provincial Office para sa anumang pangangailangan, kabilang ang pagsasaliksik.

Ang Information Committee

Ang unang committee na malamang mong makikita sa Convention ay ang Information Committee, na nasa hotel lobby kapag nag-check in ka.

Ang committee na ito, na binubuo ng Regional Vice-Presidents, ay makapagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa Convention, sa hotel, Vancouver at lower mainland, sa Unyon o anumang bagay na nais mong malaman.

Makakatulong nang husto sa mga bagong delegado ang Information Committee. Sila'y handang tumulong, madaling lapitan, at alam nila kung paano mahahanap ang impormasyon para sa iyo. Ang lahat ng mga miyembro ng Provincial Executive at ang mga tauhan ay lahat madaling lapitan. Huwag mag-atubiling kausapin sila kung mayroon kang mga katanungan, kung pakiramdam mo na nag-iisa ka, o kung gusto mo lamang silang makilala.

Credentials Committee

Kapag ikaw ay nagrehistro para sa Convention, makikilala mo ang mga miyembro ng Credentials Committee, at ikukumpara nila ang iyong credential sa impormasyon na ibinigay ng iyong Local. Ibibigay rin nila sa iyo ang materyales para sa Convention, kabilang ang convention kit, badge para sa delegado, at electronic voting keypad.

MAHALAGA

Huwag iwala o kalimutan kung saan mo inilagay ang iyong electronic voting keypad. Laging dalhin ito.

Ang Credentials Committee ang mananagot din sa pag-ulat sa Convention ng bilang ng mga delegado, mga bisita, atbp, na naroon sa buong Convention.

Ang Credentials Committee ay maaari ring hilinging tulungan ang Tabulations Committee kung kinakailangan, upang magbilang ng mga boto.

Ang Sergeant-at-Arms Committee

Ang Sergeant-at-Arms Committee ang namamahala sa pagpasok sa Convention floor. Ang mga miyembro ay naka-istasyon sa bawat pasukan sa Convention hall.

Hindi ka nila pahihintulutang pumasok sa lugar ng hall para sa mga delegado kung wala kang suot na badge para sa delegado.

Kailangan din nilang kolektahin at itago ang lahat ng mga cell phone. Bawal ang mga cell phone sa Convention floor, kaya ang pinakamaiging gawin ay ang iwanan sila sa iyong hotel room.

Pinapanatili rin nilang sarado ang mga pinto sa convention floor kapag isinasagawa ang mismong pagbabalota.

Ang committee na ito ang siya ring nagpapaalis sa mga naninigarilyo mula sa lahat ng mga pintuan at daanan. Mangyaring makipag-koopera sa kanila at igalang ang may bisang smoking by-laws. Hinihiling ka ring huwag magpabango (pabango, aftershave, atbp.) dahil maraming mga delegado ang may alerdyi.

Tabulations Committee

Ang Tabulations Committee ang nangongolekta at nagbibilang sa lahat ng mga balota. Maaari rin silang tumulong sa namumunong opisyal upang bilangan ang mga boto, kung hiniling ito ng namamahalang opisyal, upang malaman kung ang isang boto ay nabilang o nawala.

Ang Tabulations Committee din ang namamahagi ng mga materyales na wala sa iyong mga kit.

Resolutions Committee

Ang Resolutions Committee ay nagpupulong bago ng Convention at isinasaalang-alang nito ang lahat ng mga isinumiteng Resolusyon.

Maaari nilang pagsamahin sa Composite (substitute) Resolutions ang dalawa o higit pang mga Resolusyon sa pareho o mga magkatulad na isyu. Ang committee ay hindi maaaring magpaabot ng mga bagong ideya o mga elemento sa isang Composite Resolution na hindi bahagi ng isa sa mga Resolutions na bumubuo sa Composite.

Ang lahat ng mga Resolusyon, kabilang ang mga Composite Resolutions na ito, ay isinusumite sa Convention nang may rekomendasyon ng concurrence (oo) o non-concurrence (hindi). Sa ibang salita, inirekomenda nila sa Convention na mag-concur (sumang-ayon) o hindi mag-concur (hindi sumang-ayon) ang mga delegado sa Resolusyon.

Oras na nasa Convention floor, ang resolusyon ay pag-uusapan o pagdedebatehan.

Ikaw, at ang lahat ng ibang mga delegado sa Convention, ay **boboto pagkatapos sa mga rekomendasyon ng committee.**

Constitutional Amendments Committee

Ang Constitutional Amendments Committee ay nagpupulong bago ng Convention at isinasaalang-alang nila ang lahat ng mga isinumiteng Constitutional Amendments.

Tulad ng Resolutions Committee, maaari nilang pagsamahin sa isang composite ang dalawa o higit pang mga Constitutional Amendments sa pareho o mga katulad na isyu. Hindi sila maaaring magdagdag ng mga ideya o mga elemento sa isang Composite Constitutional Amendment na hindi bahagi ng orihinal na Constitutional Amendments na bumubuo sa Composite.

Ang lahat ng Constitutional Amendments, kabilang ang mga composite na ito, ay isinusumite sa Convention nang may rekomendasyon ng concurrence (oo/sang-ayon) o non-concurrence (hindi/hindi sumasang-ayon).

Pagkatapos ay pag-uusapan ng Convention at pagbobotohan ang rekomendasyon ng committee.

Procedure (pamamaraan)

Paano Isinasagawa ang debate

Pareho ang Convention procedure na ginagamit ng Constitutional Amendments at ng Resolutions Committee kaya gagamitin namin ang Resolution Committee bilang halimbawa ng parehong committee.

Bilang bahagi ng CUPE National Literacy Campaign, kasalukuyang binabago ng Union ang ating istilo ng Convention mula tradisyunal na wika na siyang gagawing ‘simpleng wika’. Ang istilo ng ‘simpleng wika’ ay mas madaling magamit at mas madaling maunawaan. Ang mga resolusyon at mga amendment ay maaaring isumite sa kahit alinman sa dalawang istilo.

HALIMBAWA :

Gamit ang simpleng wika, maaaring sabihin ng tagapagsalita na,

“Sakop ng Composite Resolution 171 ang mga Resolution 173 at 182.
NAIS NAMING lumabag ang HEU sa privatization ng mga publikong serbisyo.”

O kaya, gamit ang tradisyunal na wika, maaaring sabihin ng tagapagsalita na,

“Sakop ng Composite Resolution 171 ang mga Resolution 173 at 182.
SA GAYON, NAPAGKAYARIAN na ang HEU ay labag sa privatization ng mga pampublikong serbisyo.”

“Nais ng committee ang concurrence (oo) at para sa committee ay sumasang-ayon ako sa motion”.

Sa panahong ito, karaniwang magbibigay ang tagapagsalita ng committee ng mga dahilan para sa rekomendasyon ng committee. Ang “WHEREAS” na bahagi (o sa simpleng wika, ang “DAHIL” na bahagi) bago ng Resolusyon ay karaniwang hindi binabasa nang malakas. Ang mga ito’y mga argumento na sumusuporta sa Resolution at inaakalang nabasa na ito ng lahat.

Sasabihin ng namamahalang opisyal na “ang motion ay concurrence. Bukas na ang floor upang mag-usap.”

Ang motion ay pag-uusapan na.

DEBATE

Ito ang **iyong** pagkakataong ipahayag ang iyong opinyon. Ang mga mikropono ay minarkahang “Pro” (para sa rekomendasyon ng committee) at “Con” (laban sa rekomendasyon ng committee)

Maaari kang gumamit ng mga maiikling puna na makakatulong sa iyo, pero hindi ka pinapayagang magbasa nang matagal mula sa isang inihandang dokumento sa mga HEU Convention.

Binibigyan ng pagkakataon ang mga tagapagsalita, depende sa kung sino ang nauna, at magpapalit-palitan ang pro at con na mikropono. Maaaring mahirap makita ang mga delegadong naghihintay magsalita dahil maliwanag ang mga ilaw at nakatayô ang mga delegado, kaya siguraduhing tumayô sa platform kung ikaw ang susunod na magsasalita sa mikropono. Ang mga unang beses pa lamang na magsasalita ay pinahihintulatang magsalita bago ng mga magsasalita nang ikalawang beses. Ang mga delegado ay pinahihintulatang magsalita nang tatlong (3) minuto. May orange na ilaw sa podium na magbibigay ng isang minutong warning. Dapat humintô kang magsalita kapag naging pula ang ilaw.

Ang debate ay magpapatuloy hanggang wala nang natitira sa mga mike, o hanggang nagkaroon ng isang motion para sa “call the question.” (Tingnan ang Ibang mga Patakaran)

Iba’t-ibang paraan ang magagamit ng namamahalang opisyal upang ipahayag na tapos na ang debate, halimbawa, “wala nang ibang mga magsasalita!” o kaya “handa na ba kayo para sa tanong?”

Ito ang pinakahuli ninyong pagkakataong magsalita at dapat ninyong subukang kunin ang atensyon ng namamahalang opisyal bago magbotohan. Hihintayin ka ng namamahalang opisyal na magpunta sa mike bago magbotohan.

Ang Tanong?

Ang anumang motion ay inilalarawan bilang isang tanong. Kapag sinabi ng namamahalang opisyal na: “Handa na ba kayo para sa tanong?” ibig sabihin nito’y “Handa na ba kayong bumoto sa motion na pinag-uusapan?”

MAHALAGA

Laging mahalagang matandaan na ikaw ay bumoto sa rekomendasyon ng committee ng concurrence (oo) o non-concurrence (hindi) at hindi sa Resolusyon mismo.

Halimbawa::

Rekomendasyon ng Committee	Pinakamaraming boto	Resulta
Concurrence	Oo	Isasagawa
Concurrence	Hindi	Hindi Isasagawa
Non-concurrence	Oo	Hindi Isasagawa
Non-concurrence	Hindi	Isasagawa

MAHALAGA

Tandaan: Ang isang Resolusyon ay nangangailangan ng simpleng karamihan upang mapag-tibay. Ang Constitutional Amendment ay nangangailangan ng 2/3 vote upang mabago ang Constitution at By-laws.

Iba pang mga patakaran:

May iba’t-ibang mga patakaran na maaaring iaplay kapag ang isang Resolusyon ay pinag-uusapan. Ang mga pinakakaraniwan ay ang mga sumusunod:

MOTION TO REFER (hindi maaaring idebate, simpleng majority)

Ibinabalik ng motion na ito ang isyu sa committee, kadalasan nang may mga tagubilin.

Ang mga tagubilin ay maaaring kasing simple ng paghiling sa committee na magdagdag o magtanggap ng isang salita o magbigay ng mga detalyadong tagubilin tulad ng “tanggalin ang unang tatlong salita sa pangalawang pangungusap at ipasok ang sumusunod ...” o kahit na “palitan ang Resolusyon upang sabihin ang sumusunod ...”

WALANG diskusyon ukol sa motion of referral, at oras na ito’y pinagtibay ng isa pa (seconded), dapat ito pagbotohan.

Kung ikaw ay magsasalita para sa isang motion, hindi mo maaaring i-move ang referral.

Hindi tulad ng ibang mga unyon, pahihintulutan ng HEU ang mahigit sa isang referral motion para sa parehong isyu. At hindi tatanggapin ng HEU na ibalik ang referral sa committee kapag hindi pumasa ang isang motion.

MAHALAGA

Huwag iwala o kalimutan kung saan mo inilagay ang iyong electronic voting keypad. Laging dalhin ito.

Move the previous question (hindi maaaring idebate, simple majority)

Ang “move the previous question” ay isang motion upang tapusin kaagad ang debate sa isang motion (ang tanong) kahit na mayroon pang mga delegadong nais magsalita.

Walang diskusyon na pinahihintulutan. At tandaan na hindi mo maaaring i-move ang naunang tanong kung nagsalita ka tungkol dito. (Hinahadlangan nito na ibigay ng mga delegado ang “huling salita.”)

Ito’y ginagawa sa pamamagitan ng pagsabi ng “I move the previous question” o kaya “I move the question now be put”. Ibig sabihin nito’y kailangan magkaroon kaagad ng botohan upang magpasiya kung isasara ang debate.

Kung nagsagawa ng motion to move the previous question, ang pangunahing motion **at ang anumang ibang mga amendment** ay dapat pagbotohan nang walang karagdagang debate.

Kung ang motion to move the previous question ay natalo, magpapatuloy ang debate sa motion.

Reconsideration (paunawa, maaaring pagdebatehan, 2/3 majority)

Ang anumang motion, na nanalo o natalo, ay maaaring isaalang-alang sa susunod na pagpupulong. Gayunman, mayroong ilang mga mahigpit na patakarang umaaplay:

1. Ang mover at seconder ng motion to reconsider ay dapat bumoto sa nananalig na panig nang unang pinagbotohan ang orihinal na motion.
2. Dapat magbigay ng paunawa para sa reconsideration sa susunod na pagpupulong, halimbawa, pagkatapos ng isang break o adjournment.
3. Kinakailangan ang isang 2/3 majority vote to reconsider, at kung hindi ito nakamit, ang boto ay nawawala at hindi maaaring kunin muli.

Kung nanalo ang motion of reconsideration, ang orihinal na motion ay maaaring pagdebatehan at pagpasiyahan.

Tabling motion (hindi maaaring pagdebatehan, simple majority)

Kung gumawa ng isang motion to table, dapat ito pagbotohan nang walang karagdagang debate. Karaniwan itong ginagamit upang ipagpaliban ang diskusyon hanggang may karagdagang impormasyon na makukuha tungkol sa motion.

Point of information

Upang humingi ng impormasyon, dapat kang lumapit sa anumang mikropono at dapat malaman kung ano ang gagawin mo (hindi kasama sa pagkakasunud-sunod ng mga nagsasalita) upang magtanong.

Dapat mong gamitin ang pribilehiyong ito upang **magtanong** ng impormasyon, at hindi upang makipagdebate.

MAHALAGA

Ang paghingi ng impormasyon ay hindi isang motion. Ito’y ginagamit upang TUMANGGAP ng impormasyon o pagpapaliwanag tungkol sa paksâ na dinedebate. HINDI nito balak na MAGBIGAY ang tagapagsalita ng impormasyon.

Pagtatapos

Mayroong mga ibang patakaran at mga pamamaraan na namamahala sa **Convention**. Dapat mong basahin ang *Constitution at By-Laws* (2006), lalo na ang Article XX, Section J, Rules of Order, sa mga pahina 64-67 ng booklet.

Gayunman, ang Convention ay hindi tungkol sa mga patakaran, mga pamamaraan, o by-laws. Ito’y isang pagkakataon kung saan tayong lahat ay makikipagtulungan upang masigurado na ang HEU ay mananatiling isang Unyon na ikinagagalak nating katawanin.

Maaari tayong magtatag ng mga polisiya at mga pamamaraan upang mayroon tayong maipagmalaki at mayroong makapagbibigay-kasiyahan sa atin kapag nagkita-kita tayo muli sa Convention.


MAHALAGA

Bilang isang bagong delegado, hindi ka kailangang matakot sa kasanayan at kaalaman ng iba. Tandaan na natatandaan ng bawat sanay na delegado noong sila’y bagong delegadopa. Matutuwa silang tulungan, magpayo, at maghikayat sa iyo na lumahok.




HEU Organizational Charts

Political Structure



HEU Administrative Structure (in transition)



Note: The organizational chart (Administrative Structure) is currently being revised as a result of the PE implementing recommendations from the Penikett Management Review (2008)

